Cour
Pénale
Internationale

International
Criminal
Court



# Pag-unawa sa ICC

Ang Internasyonal na Korteng Pangkrimen (ICC), ay pinamahalaan ng Batas ng Roma, ang pinaka-unang itinatag na permanenting internasyonal na korteng pangkrimen na ibinabatay sa kasunduan, para matapos ang kaligtasan sa parusa ng mga maysala tungkol sa pinakamalubhang mga krimen na ikinababahala ng internasyonal na komunidad. Ang ICC ay isang malayang internasyonal na organisasyon, at ito ay hindi bahagi ng sistema ng Nagkakaisang mga Bansa. Ang kanyang kinaroroonan ay nasa The Hague sa Netherlands. Kahit na ang mga gastos ng Korte ay higit sa lahat, sinusuportahan ng Estadong mga Partido ng Batas ng Roma, ito ay tumatanggap din ng mga boluntaryong kontribusyon galing sa mga gobyerno, internasyonal na mga organisasyon, mga tao, mga korporasyon at iba pang mga samahan.

Ang Internasyonal na komunidad ay matagal ng nangangarap na lumikha ng permanenting internasyonal na korte at, sa ika-20 siglo, ito ay umabot sa pagkakasundo tungkol sa mga kahulugan ng pagpatay ng isang lahi, mga krimen laban sa sangkatauhan at mga krimeng pangdigmaan. Ang Nuremberg at Tokyo na paglilitis ay tumutukoy tungkol sa mga krimeng pangdigmaan, mga krimen laban sa kapayapaan, at mga krimen laban sa sangkatauhan na nangyayari sa panahon ng Ikalawang Pandaigdigang Digmaan. Noong 1990, pagkatapos ng Digmaang Malamig, ang mga hukuman katulad ng Internasyonal na Hukumang Pangkrimen para sa dating Yugoslavia at Rwanda ay ang nagiging resulta sa pagkakasundo na ang kaligtasan sa parusa ay hindi matatanggap. Bagaman, kasi ang mga ito'y itinatag para masubukan ang mga krimen na nangyayari para lamang sa loob ng partikular na takdang panahon at sa panahon ng partikular na labanan, nagkaroon ng pangkalahatang kasunduan na ang malaya, permanenting korteng pangkrimen ay kinakailangan. Noong ika-17 ng Hulyo 1998, ang internasyonal na komunidad ay umabot sa isang makasaysayang milyahe noong ipinagtibay ng 120 na mga Estado ang Batas ng Roma, isang makabatas na basihan para sa pagtatag ng permanenting Internasyonal na Korteng Pangkrimen. Ang Batas ng Roma ay nagkaroon ng bisa noong ika-1 ng Hulyo 2002 pagkatapos ng pagpapatibay ng 60 mga bansa.

## Hurisdiksyon

Ang ICC ay may hurisdiksyon para sa pinakamalubhang mga krimen na ikinababahala ng internasyonal na komunidad bilang kabuuan, katulad ng pagpatay ng isang lahi, mga krimen laban sa sangkatauhan at mga krimeng pangdigmaan, kung nangyayari pagkatapos ng ika-1 ng Hulyo 2022, at saka ang pananalakay na krimen, noong ika-17 ng Hulyo 2018, sa ilalim ng partikular na mga kondisyon at mga patakaran. Kada isa sa mga krimeng ito ay malinaw na ipinaliwanag sa Batas ng Roma at sa ibang mga may-kaugnayan na mga teksto. Mangyaring isasagawa ng Korte ang hurisdiksyon para sa mga partikular na mga internasyonal na krimen kung ang mga iyan ay nangyayari lamang sa teritoryo ng Estadong Partido o ng isa sa kanyang mga mamamayan. Ang mga kondisyong ito, gayunman, ay hindi magagamit kung ang sitwasyon ay isinangguni sa Taga-usig ng Sanggunian ng Nagkakaisang Bansang Seguridad, kaninong resolusyon ay umiiral sa lahat ng mga estadong miyembro ng UN, o kung ang Estado ay gumagawa ng deklarasyon na tinatanggap ang hurisdiksyon ng Korte.

Ang Korte ay nilalayon bilang isang karagdagan, hindi para humalili, ng sistema ng nasyonal na hustisyang pangkrimen. Maaaring uusigin nito ang mga kaso kung sakali man na ang sistema ng hustisyang nasyonal ay hindi makakagawa ng mga paglilitis o kung sila ay nagpahayag na ginawa nila pero sa katotohanan ay ayaw o walang kakayahang matapat na gagawin ang ganyang mga paglilitis. Itong saligang patakaran ay tinagurian bilang saligang pagkakumpleto.

Ang Taga-usig ay maaaring magsimula ng imbestigayson o pag-uusig batay sa tatlong iba't-ibang pamamaraan:

- Ang mga Estadong Partido ng Palatuntunang ICC ay maaaring sumangguni sa Taga-usig tungkol sa mga sitwasyon;
- Ang Sangguniang Seguridad ng Nagkakaisang Bansa, ay maaaring humiling sa Taga-usig na magsimula ng imbestigasyon;
- Ang Tanggapan ng Taga-usig ay maaaring magsimula ng mga imbestigasyon na proprio motu (kusang loob) batay sa natatanggap na impormasyon galing sa

mapagkatiwalaang mga basihan. Sa kasong ito, ang Taga-usig ay hahanap ng pahintulot galing sa Kamara ng Pagsubok na Paglilitis na binuo ng tatlong malayang mga huwes.

## Walang ligtas sa parusa

Ang nanunungkulan sa ilalim ng isang opisyal na karapatan bilang pinuno ng estado, miyembro ng pamahalaan o parlamento o bilang inihalal na kinatawan o isang publikong opisyal, ay hindi ligtas galing sa pag-uusig o katungkulang pangkrimen sa kahit anong paraan. Ang mga hepe o komandante militar ay maaaring mananagot tungkol sa mga pangkrimen na paglalabag na isinagawa ng mga taong napasailalim ng kanilang pinapairal na utos at kapangyarihan o pinapairal na kapahintulutan at kapangyarihan. Gayunpaman, hindi uusigin ng ICC ang mga taong nasa ilalim ng edad na 18 sa panahon na ang krimen ay diumano'y isinasagawa.

## Mga Katungkulan ng mga biktima at akusado

Sa ilalim ng mga patakaran at regulasyon na namamahala ng ICC, ang mga biktima ay maaaring magpapadala ng impormasyon sa Taga-usig kaugnay sa mga krimeng nasa loob ng hurisdiksyon ng Korte. Ito ang unang pagkakataon sa kasaysayan ng Internasyonal na Pangkrimeng Hustisya, na ang mga biktima ay may karapatan na sumali sa mga paglilitis at humingi ng mga kabayarang-pinsala. Ito'y nangangahulugan na sila ay maaaring hindi lamang tetestigo bilang mga saksi, pero magpapahayag din ng kanilang mga mungkahi at pagkakabahala sa lahat na antas ng mga paglilitis. Ang mga sumasali ay makakatanggap ng makabatas na pagkakatawan at, mangyari, makabatas na tulong. Ang Rehistro ay tumutulong sa mga biktima at mga saksi para ipapatupad ang kanilang mga karapatan, tutulungan sila sa buong panghustisyang paglilitis at, kung kinakailangan, gagawa ng mga hakbang para sa kanilang proteksyon. Ang korte ay maaaring uutos tungkol sa iba't ibang uri ng kabayarang-pinsala para sa mga biktima na kabilang ang pagbabayad-pinsala, pagbabagong-buhay at pagsusuweldo.

Ang mga Partidong Estado ng Batas ng Roma ay nakapagtatag ng Panaligang Pondo para sa mga Biktima at mga pamilya ng mga biktima ng mga krimeng nasa loob ng hurisdiksyon ng Korte, para maipapatupad ang posibleng klase ng kabayarang-pinsala kahit na ang nahatulang tao ay walang sapat na mga kayamanan para sa ganyang kabayarang-pinsala.

Ang pagbigay ng proteksyon sa mga karapatan ng hinatulan ay mahalaga para masisiguradong magkaroon ng makatarungang paglilitis at mabisang hustisya. Ang Rehistro, bilang may katungkulan para sa pagtatanggol na mga isyu, ay nagbukas ng listahan para sa payong may pananaw na makasisiguro na, batay sa mga Regulasyon ng Pamamalakad at Ebidensya, ang mga tumutupad na mga abogado sa harap ng Korte ay mga mahuhusay at mamalaging tapat sa Katipunan ng mga batas para sa Pangpropesyonal na Pamamahala tungkol sa Payo para sa buong mga paglilitis. Ang ICC ay nagbibigay ng mga pang-administrasyong tulong at, kung kinakailangan, pinansyal na tulong para sa pagtatanggol na mga lupon.

## Ang Pagkapangulo

Ang Pagkapangulo ay binuo ng isang Presidente at dalawang Bise Presidente. Sila ay inihalal galing sa 18 mga Huwes ng ICC. Ang Pagkapangulo ay may katungkulan para sa tamang administrasyon ng Korte, maliban sa Opisina ng Taga-usig. Gayunman, ito ay makikipag-ugnayan at hahanap ng kasunduan galing sa Taga-usig para sa lahat na mga isyu tungkol sa kapwang pagkabahala. Kasali din sa mga katungkulan ng Pagkapangulo ang panghustisyang mga katungkulan at panlabas na mga ugnayan.

## Mga Dibisyon

Binuo ng labing-walong mga huwes ang tatlong mga Dibisyon ng Korte: ang Pagsubok na Paglilitis, Paglilitis at Mga Apela. Nakilala dahil sa kanilang mga mataas na pangkagandahang-asal at integridad, sila ay napili galing sa mga kandidato ng buong daigdig sa pamamagitan ng Batasan ng Estadong mga Partido, batay sa kanilang kakayahan tungkol sa pangkrimen na batas at pamamalakad o sa may-kaugnayang mga saklaw ng internasyonal na batas, katulad ng internasyonal na makataong batas at mga pangtaong karapatan. Ang mga huwes ay may katungkulan na makasisigurong ang mga paglilitis ay makatwiran at ang hustisya ay mabisang pinamamahalaan.

## Ang opisina ng Taga-usig (OTP)

Ang Opisina ng Taga-usig ay pinamunuan ng Taga-usig, na tinutulungan ng Pangalawang Taga-usig. Ang bawat isa ay inihalal ng Batasan ng Partidong mga Estado. Ang mandato ng Opisina ay upang tatanggap at magsusuri ng mga kadahilanan at mga komunikasyon para matutukoy kung mayroong makatwirang basihan para mag-usig, gagawa ng mga imbestigasyon tungkol sa pagpatay ng isang lahi, mga krimen laban sa sangkatauhan at krimeng pangdigmaan at para uusigin ang mga taong may-pananagutan sa mga ganyang krimen. Ang OTP ay isang malayang grupo ng Korte.

## Ang Rehistro

Ang Rehistro ay isang walang pinapanigang grupo ng ICC na pinamunuan ng Tagatala. Ang pinakamahalagang mga katungkulan nito ay ang pagbigay ng pang-administrasyon at pagpapairal na tulong para sa hudikatura at sa Opisina ng Taga-usig. Ito ay tutulong na paglingkuran ang Korte at mamumuo ng mabisang mga mekanismo para sa proteksyon ng mga saksi, tutulong sa mga grupong pagtatanggol, at saka mamamahala sa mga paghahatid ng tulong na mga gawain. Ang Rehistro ay naglilingkod din para sa pangkalahatang pamamahala ng korte, seguridad, pangpublikong impormasyon, mga talaan ng korte, nakasulat na pagsasalin ng wika at pasalitang pagsasalin ng wika, payong suporta, suporta para sa mga biktima para sasali sa mga paglilitis at para sa mga kahilingan tungkol sa kabayarang-pinsala, at marami pang iba.

## Ang Batasan ng Estadong mga Partido (ASP)

Ang Batasan ng Estadong mga Partido ay ang namamahala ng pamumuno sa Korte at lehislatibong sangay at ito ay binuo ng mga kinatawan ng mga Estado na pinagtibay o sinang-ayunan para sa Batas ng Roma. Ang Batasan ng Estadong mga Partido ay may Opisina, na binuo ng isang Presidente, dalawang Bise Presidente at 18 mga miyembrong hinalal ng Batasan para sa tatlong taong panunungkulan, isinaalang-alang ang makatarungang heograpiyang pamamahagi at nababagay na pagkakatawan ng pandaigdigang pangunahing pambatas na mga sistema. Ito ay mayroong permanenting kalihiman sa palingkuran ng Korte sa The Hague. Ang Batasan ng Estadong mga Partido ay gumawa ng mga desisyon tungkol sa iba't ibang mga isyu, katulad ng pagkukupkop ng normatibong mga teksto at ng badyet, ang halalan para sa mga huwes at ang halalan para sa Taga-usig at ang Pangalawang mga Taga-usig.



Ito ay hindi opisyal na dokumento. Nakalaan para sa pampublikong impormasyon lamang. Internasyonal na Korteng Pangkrimen: Oude Waalsdorperweg 10, 2597 AK The Hague, The Netherlands. Postal address: PO Box 19519; 2500 CM, The Hague, The Netherlands. Tel. + 31 (0)70 515 8515; Fax. +31 (0)70 515 8555. www.icc-cpi.int